# ICT Aralin 8

## MGA PANUNTUNAN SA PAGSALI SA DISCUSSION FORUM AT CHAT

**I. NILALAMAN**

Sa Araling ito matututunan ng mga mag- aaral ang mga panuntunan sa pagsali sa discussion forum at chat. Dito malalaman ang ibat- ibang dapat gawin ng mga mag aaral sa pagkakaroon nila ng bagong karanasan sa pakikiisa sa mga discussion forum at chat.

**II. LAYUNIN**

1. Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa pagsali sa discussion forum at chat.
2. Naipapamalas ang kagandahang pag uugali sa pagsali sa discussion forum at chat.

**III. PAKSANG ARALIN**

**Paksa:** Mga Panuntunan sa Pagsali sa Discussion Forum at Chat.

**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-0c-8

**Kagamitan:** cell phone, computer, internet access, LCD projector, manila paper, Pentel pen

**IV. PAMAMARAAN:**

**A. PAGGANYAK**

1. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong sa Alamin Natin sa LM p ____.

   **Panggabay na Tanong:**
   - Nakapanood nab a kayo ng isang discussion forum sa TV?
   - Sa pamamagitan ng internet at facebook, nakaranas naba kayo na makipag chat online.

2. Itala ang mga sagot ng mga mag- aaral sa pisara. Tanggapin lahat ang mga sagot ng bata.
3. Iugnay ito sa paksang tatalakayin sa LM.

**B. PAGLALAHAD**

**Gawain A. Mag Skit Tayo**

1. Bumuo ng apat na pangkat. Pipili ng lider ang bawat grupo.
2. Ipaliwanag sa mga bata ang mga pamamaraan sa pagsasagawa ng Gawain A sa LM.
3. Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat upang magawa nila ang skit tungkol sa mga sumusunod.

   Pangkat 1 at 2: Paggamit ng ibat- ibang website na nagpapakita ng discussion discussion forum at chat

   Pangkat 3 at 4: Patakaran at panuntunan sa pagsali sa discussion forum at chat.
4. Ipakikita ng bawat pangkat ang skit na nabuo.

**C. PAGLALAHAT**

- Ibigay ang mga panuntunang dapat sundin sa pagsali sa isang discussion forum at chat gamit ang ibat ibang website sa computer.

**D. PAGSASANIB**

Itanong sa mga mag-aaral: Anong wastong pag-uugali ang dapat isaalang-alang sa pakikipagkomunikasyon gamit ang internet?

**V. PAGTATAYA:**

Pasagutan sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

**a.** Pasagutan ang Kaya Mo Na Ba sa LM.

**VI. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

- Magsanay sa online discussion forum at chat gamit ang ibat- ibang website sa computer.

**KARAGDAGANG SANGGUNIAN:**

https://**school**.**quipper**.com